American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-412-442
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAGGALUGAD SA MGA SALIN NG CHATGPT SA MGA PILING SANAYSAY: AN ERROR ANALYSIS

Christy Rhey S. Montifolca[1]
[1] *Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**ABSTRAK:** Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang *error analysis* bilang dulog upang suriin ang limampu't isang (51) piling sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT tungo sa Wikang Filipino mula sa mga mag-aaral ng BSED Medyor sa Ingles na kasalukuyang nasa una at pangalawang baitang ng kolehiyo na nagsilbing kropora sa pag-aaral. Layunin ng pananaliksik na ito ay suriin at galugarin ang mga kamaliang sa gramatika na nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin tungo sa Wikang Filipino ng mga piling Ingles na sanaysay gamit ang *Surface Structure Taxonomy* nina Dulay et al., (1982). Batay sa naging resulta, may apat (4) na uri ng kamalian sa gramatika ang natukoy sa saling sanaysay gamit ang ChatGPT. Ito ay mga kamaliang pagkukulang, pagdaragdag, kamalian sa anyo, at kamalian sa pagkasunod-sunod. Samantala, pitong (7) partikular na kamalian naman ang naitalang nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin ng mga Ingles na sanaysay tungo sa Wikang Filipino. Ang mga ito ay pagkukulang, pagdaragdag na regularisasyon, simpleng pagdaragdag, kamalian sa anyo na regularisasyon, kamalian sa anyo na anyong archy, kamalian sa anyo na pagpapalit-anyo at kamalian sa pagkasunod-sunod. Sa kabila ng pagiging epektibong kagamitan ng ChatGPT hindi pa rin maikakaila ang limitado nitong akses sa larangan ng pagsasalin, lalong lalo na sa gramatika at tuntunin ng Wikang Filipino.

***Mga Susing Salita:*** *sanaysay, error analysis, paggalugad, ChatGPT, pagsasalin, tuntunin ng Wikang Filipino*

## I.INTRODUKSYON

Ang malawakang paggamit ng ChatGPT, na isang uri ng AI language model, ay may posibilidad na magdulot ng malalaking pagbabago sa pananaliksik, pagtuturo, at pag-aaral ng isang tao sa particular na bagay. Katulad sa paggamit nito upang makabuo ng isang sanaysay o pagsalin sa isang sanaysay tungo sa ibang wika. Kaya't ang pagsusuri sa mga pagkakamaling nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin ay magbibigay ng malalim na kabatiran sa mga mag-aaral. Ito ay magdudulot ng makabuluhang kaalaman at pagkatuto upang maiwasan ang mga kamalian sa gramatika. Bukod dito, ang pagsusuri ng mga pagkakamali ay makatutulong sa mga guro na matuklasan at masuri ang mga pagkakamali ng ChatGPT sa pagsasalin upang magbigay ng mga pagkakataon para sa pag-ulad at mahikayat ang mga mag-aaral sa pagpapalalim ng kanilang pagkatuto sa wika at gramatika (Sarasua, 2021).

Sa China, natuklasan sa pag-aaral na kayang matugunan ng ChatGPT ang pangunahing pangangailangan sa pagsasalin para sa mga impormatibong teksto. Subalit, nahaharap pa rin ito sa mga hamon gaya ng mga kamalian sa pagsasalin dahil sa limitadong akses sa pagsasalin ng mga kumplikadong pangungusap. Ang mga kamalian sa pagsasalin ay kadalasang nangyayari sa dalawang aspekto: "kawastuhan" at "katatasan". Ito ay karaniwang makikita sa hindi angkop na terminolohiyang ginamit, di-tumpak na impormasyonn, at hindi pagkamatatas sa wikang ginamit sa pagsasalin (Li & Huang, 2025).

Habang sa Pilipinas, natuklasan din sa isang pag-aaral na ang ChatGPT ay nagsasalin nang higit pa sa salita-sa-salita, kung saan ang pambansang awit ng Pilipinas na "Lupang Hinirang" ay isinalin tungo sa wikang Ingles gamit ang nabanggit na artipisyal na intelihensiya. Ito ay lumilikha ng ng sariling estruktura ng pangungusap upang mapabuti ang pag-unawa ng tagasalin. Ngunit, ang iilan sa mga orihinal na kahulugan nito ay nababago, lalo na ang mga kumplikadong salita o idyoma na isinasalin nang literal dahil sa kakulangan ng konteksto. Sa kabila ng kakayahan nito, mahalaga pa rin na masuri ng tao ang mga salin ng ChatGPT upang matiyak ang wastong kahulugan ng isinalin, pagiging sensitibo sa kultura, at konteksto, lalo na sa mga matatalinghagang na idyoma (Liwanag et al., 2024).

Sa pag-aaral na ito bibigyang-diin ang kahalagahan sa pagsusuri ng mga kamalian mula sa isinaling sanaysay gamit ang ChatGPT upang mabigyang tugon ang mga kamaliang naisalin ng ChatGPT. Ang kakulangan ng sapat na mapagkukunan ng kaalaman sa wastong paggamit sa gramakita ng Wikang Filipino ay lubos na nakaaapekto sa kaisipan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Masasabing ang paggamit ng ChatGPT ay ganap na nakakatulong sa bawat isa, subalit ang saklaw ng kaalaman nito ay limitado lamang, lalong lalo na pagdating sa Filipino. Kung kaya't kinakailangang maisagawa ang pag-aaral na ito upang matuklasan at maisiwalat kung hanggang saan lang kayang gawin ng ChatGPT. Dagdag pa, upang matukoy rin ang mga kamalian nito sa gramatika ng Filipino sa pamamagitan ng pagsalin sa Ingles na sanaysay tungo sa Filipino. Ang pagtuklas sa mga kamalian sa paggamit ng gramatika sa Filipino ng ChatGPT ay malaking tulong upang mabigyang kabatiran ang mga mag-aaral patungkol dito nang sa gayon ay maiwasan ang mga komplikasyon sa gramatika at matiyak na rin na ang pagkukunan nila ng detalyesa mga sulatin o pang-akademikong gawain ay wasto at naayon sa kanilang kailangan.

Kaugnay nito, maraming mananaliksik ang nagsagawa ng pananaliksik patungkol sa pagsusuri ng kamalian sa isinulat na sanaysay. Kabilang na rito ang pananaliksik nina Gildore, Uka, & Yting, (2023) na pinamagatang *"Error Analysis of Academic Essays of Senior High School Students"* ngunit ang pag-aaral na ito'y nakapokus sa pagsusuri sa mga kamaliang nagawa ng mga Senior High School na mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at hindi binibigyang-diin ditto ang paggamit ng pagsasalin sa sanaysay gamit ang ChatGPT. Gayundin ang pananaliksik ni Seddik (2023), na may pamagat na *"Error Analysis in EFL Students' Writing Skill."* Ang pag-aaral na ito naman ay nakatuon sa pag-aanalisa sa mga kamaliang nagawa ng mag-aaral at kanilang kakayahan sa

pagsulat. Bukod dito, ang pananaliksik ay nakapokus lamang sa wikang Ingles at hindi sa Filipino. Kung kaya't ito ay naiiba sa pag-aaral na isasagawa sapagkat ang Ingles na sanaysay na isusulat ng mga kalahok ay isasalin tungo sa Filipino gamit ang isang artipisyal na intelihensiya, ang ChatGPT.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makagawa ng masusing pagsusuri sa gramatika mula sa binuong Ingles na sanaysay ng mga mag-aaral sa BSED medyor sa Ingles ng KCAST na isinalin sa Filipino gamit ang ChatGPT. Bukod pa rito, nilalayon din ng pag-aaral na ito na masuri ang mga kamalian sa gramatikang Filipino sa pagsalin ng ingles na sanaysay gamit ang ChatGPT.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang mga kamalian ng ChatGPT sa pagsasalin ng Ingles na sanaysay ng mga mag-aaral tungo sa Filipino?
2. Ano ang mga partikular na kamalian sa gramatika ang makikita sa salin na sanaysay gamit ang ChatGPT?

## III.PAMAMARAAN

**Disenyo ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na naglalahad ng Pagsusuri sa Kamalian (*Error Analysis*). Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalahad ng mga detalyadong impormasyon sa pasusuri ng mga kamalian mula sa isinaling Ingles na sanaysay tungo sa Filipino gamit ang ChatGPT. Ito ay isang proseso na ginagamit upang maunawaan kung paano ninanamnam o nauunawaan ng mga indibidwal ang kanilang kapaligiran. Upang mas maunawaang mabuti ang mga ideya, opinyon, o karanasan, ang kwalitatibong pamamaraan ay nagsasangkot ito ng pangangalap at pagsusuri ng di-numerikal na datos (tulad ng teksto, bidyo, o audio). Bukod dito, sa pag-aaral ng mga penomenong pantao, gumagamit ang mga kwalitatibong mananaliksik ng iba't ibang sistema ng pag-usisa tulad ng biyograpiya, case study, pagsusuring historikal, pagsusuring diskurso, etnograpiya, *grounded theory*, at *phenomenology*, sa halip na mga lohikal at estadistikal na pamamaraan. Samakatuwid, ginamit ng mananaliksik ang discourse analysis na isang pagsusuri sa kamalian (Ugwu & Hyginus, 2023).

Kaugnay nito, ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang *error analysis.* Ito ay gagamitin sa pananaliksik sapagkat angkop ito sa gagawing pag-aaral kung saan susuriin ng mananalik ang mga pagkakamali ng sa mga isinaling sanaysay tungo sa Filipino gamit ang ChatGPT, na nakabase sa *Surface Structure Taxonomy* nina Dulay upang organisado ang pagsusuri sa mga datos na nakolekta mula sa mga mag-aaral. Mas pinagtibay pa ang pagiging angkop ng pag-aaral sapagkat maingat at sinikap nitong ilantad ang mga kahinaan at limitasyon ng ChatGPT sa pagsalin sa Ingles na sanaysay ng mga mag-aaral tungo sa Wikang Filipino, at mabusising sinuri ang mga pagkakamaling nagawa (Corder, 2017).

Bilang karagdagan, ang pagsusuri ng kamalian ay isang uri ng proseso na nag-aanalisa sa mga pagkakamali sa larangan ng gramatika at linggwistika na nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin niya sa Ingles na sanaysay tungo sa Filipino. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-diin ang kamalian ng ChatGPT sa pagamit ng gramatika sa Filipino at mailalahad ang mga ito ng malinaw ng mananaliksik. Bukod pa sa nabanggit, tinutukoy rin ng pagsusuri ng mga pagkakamali ang paglitaw, kalikasan, mga sanhi, at pagkakasunod-sunod ng mga pagkabigo sa wika. Binigyang-diin niya na ang pagsusuri ng mga pagkakamali ay isang paglalarawan at sistematikong paliwanag ng mga pagkakamali sa paggamit ng wika na nagawa ng mga nag-aaral o gumagamit sa kanilang pasalitang o nakasulat na produksyon ng target na wika, na naiiba sa mga pamantayan o tuntunin ng pangalawang (Harmer, 2003).

## IV. RESULTA

**Unang Katanungan ng Pananaliksik: Ano ang mga kamalian ng ChatGPT sa pagsasalin ng Ingles na sanaysay ng mga mag-aara l tungo sa Filipino?**

Sa talahanayan 1.1, makikita rito na may limang kamalian ang natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT. Ang unang kamalian sa gramatika ay ang pagkukulang. Nakatala naman sa ikalawang hanay ang orihinal na pangungusap ng bawat saling sanaysay.

**Pagkukulang**

Ang pagkukulang ay ang pagkawala ng isang salita o panlapi na kinakailangan sa isang morpema at pangungusap upang maging organisado ang balangkas ng gramatika. Sa pagsusuri ng saling sanaysay, makikita sa ikatlong hanay ang salin ng ChatGPT na may mga morpemang nakaligtaang ang angkop panlapi nito at iba pang mga salita, gayundin sa buong pangungusap. Samantala, makikita naman sa ikaapat na hanay ang wastong bersyon ng pangungusap, kung saan itinama ang mga kamalian nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin. Iilan sa mga halimbawa nito ay:

**Talahanayan 1.1**
**Pagkukulang**

| Uri ng Kamalian | Orihinal na Pangungusap sa Sanaysay | Salin na Pangungusap sa Sanaysay gamit ang ChatGPT | Wastong Bersyon ng Pangungusap mula sa Isinaling Sanaysay | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pagkukulang** | *By advance in technology when communication it leads to the blending an exchange of resources, products, and cultures.* ***(ONS – 02)*** | Sa pamamagitan ng pag-unlad ng teknolohiya, ang komunikasyon ay nagdudulot ng ***pagsasama*** at palitan ng yaman, produkto, at kultura. **(SNISF – 02)** | Sa pamamagitan ng pag-unlad ng teknolohiya, ang komunikasyon ay nagdudulot ng ***pagsasama-sama*** at palitan ng yaman, produkto, at kultura. | Sa pangungusap na ito, ang kamalian na makikita rito ay pagkukulang ng salitang-ugat na "-***sama***" sa hulihan ng salitang "***pagsasama***" kaya ay nagdulot ito ng kamalian sa diwa at gramatikal na estruktura ng pangungusap na isinalin. |
| | *It can also increase the competition in local businesses because we Filipino are clout chaser; we always want to keep up with trends or should we say "makisabay sa uso".* ***(ONS – 04)*** | Maaari rin nitong pataasin ang kompetisyon sa mga local na Negosyo dahil ***tayo*** mga Pilipino ay mahilig makisabay sa uso. **(SNISF – 04)** | Maaari rin nitong pataasin ang kompetisyon sa mga local na Negosyo dahil ***tayong*** mga Pilipino ay mahilig makisabay sa uso. | Sa bahaging ito ng pangungusap ay nagkulang sa pang-angkop na "-ng" ang salitang panghalip na nagdulot ng kamalian sa diwa ng ipinahayag na pangungusap at sa gramatika nito. Makikita na sa paglalagay ng pang-angkop na "-ng" sa salitang tayo ay nagiging banayad ang pagkakabigkas sa pangungusap at naipapahayag ng maayos ang buong diwa nito. |
| | *Although, I've been to reliant on it but it has been my companion in learning when no one did.* ***(0NS – 30)*** | Bagaman minsan ay sobra akong umaasa rito, ito pa rin ay naging kasangga ko sa pagkatuto lalo na kung walang t***umulong*** sa akin. **(SNISF – 30)** | Bagaman minsan ay sobra akong umaasa rito, ito pa rin ay naging kasangga ko sa pagkatuto lalo na kung walang ***tumutulong*** sa akin. | Mapapansin sa ikaapat na hanay na nagkaroon ng kamalian sa paggamit ng panlapi at pandiwang pamanahunan kung saan ang salitang "***tumulong***" ay nagkulang ng panlaping "tu" kung kaya't hindi naging angkop ang gramatika nito. |
| | *Countries found it easier to conduct international trade as a result of the reduction of tariffs, quotas, and other trade restrictions brought about by globalization.* ***(ONS – 23)*** | Naging mas madali sa mga bans ana magsagawa ng ***internasyunal*** na kalakalan bilang resulta ng pagbawas *ng* mga taripa, quota, at iba pang mga paghihigpit sa kalakalan na dulot ng globalisasyon. **(SNISF – 23)** | Naging mas madali sa mga bans ana magsagawa ng ***pang-internasyonal*** na kalakalan bilang resulta ng pagbawas *sa* mga taripa, quota, at iba pang mga paghihigpit sa kalakalan na dulot ng globalisasyon. | Makikita sa pangungusap ang pagkukulang sa panlaping pang-uri na "pang-" sa salitang internasyunal kung kaya't nagdulot ito ng pagbabago sa diwa ng pangungusap. Mahihinuha na kung lalagyan ng panlaping "pang-" ang unahan ng salitang internasyunal ay nagiging angkop at konektado ang ang bawat salita sa pangungusap na naglalahad sa ipinapahiwatig nito. Dagdag pa, ang kamalian sa pagbaybay sa salitang "***internasyunal***" na ang wasto ay "***internasyonal***" |
| | *In conclusion, globalization boost economic development and create opportunities.* ***(ONS – 19)*** | Sa ***konklusyon***, ang globalalisasyon ay nagpapalakas *ng* pag-unlad ng ekonomiya at lumilikha ng mga oportunidad. **(SNISF – 19)** | Sa ***kongklusyon***, ang globalalisasyon ay nagpapalakas *sa* pag-unlad ng ekonomiya at lumilikha ng mga oportunidad. | Sa pangungusap na ito, makikita sa saling ng ChatGPT ang kamalian sa pagbaybay sa salitang "***konklusyon***" na dapat ay "***kongklusyon***". Ang salita sa nagkulang ng isang titik na "***g***" kung kaya't nagkaroon ng pagbabago sa pagbigkas nito. |

Sa talahanayan 1.2, makikita rito ang limang kamalian na natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT. Ang ikalawang kamalian sa gramatika ay ang pagdaragdag. Nakatala sa ikalawang hanay ang orihinal na pangungusap ng bawat saling sanaysay.

**Pagdaragdag**

Ang pagdaragdag ay kabaliktaran ng pagkukulang sapagkat sa kamaliang ito sumobra ang salita o mga pangungusap ng mga panlapi o morpemang hindi naman kinakailangan. Ito ay may tatlong uri. Una, ang *double marking* na kamalian sa

pagdaragdag o pagsasama ng mga magkasingkahulugan o parehong salita sa isang pangungusap nagpapamali sa estruktura ng gramatika. Sumunod ay ang regularisasyon na kamalian sa pagdaragdag ng panlapi sa mga morpema kahit hindi naman ito kailangan. Panghuling uri ay ang simpleng pagdaragdag na kamalian sa pagdaragdag ng mga morpema sa pangungusap kahit hindi naman ito kinakailangan.

Sa pagsusuri ng saling sanaysay, makikita sa ikatlong hanay ang salin ng ChatGPT na may mga salitang kinabitan ng panlapi at iilang mga salita kahit hindi naman ito kinakailangan. Samantala, makikita naman sa ikaapat na hanay ang wastong bersyon ng pangungusap, kung saan itinama ang mga kamalian nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin. Iilan sa mga halimbawa nito ay:

**Talahanayan 1.2**
**Pagdaragdag**

| Uri ng Kamalian | Orihinal na Pangungusap sa Sanaysay | Salin na Pangungusap sa Sanaysay gamit ang ChatGPT | Wastong Bersyon ng Pangungusap mula sa Isinaling Sanaysay | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|
| **Pagdaragdag** | *Global corporation are very important because they provide job opportunities that can help our fellow Filipinos to find a job.* ***(ONS – 04)*** | Ang mga global na korporasyon ay napakahalaga dahil nagbibigay sila ng mga oportunidad *sa* ***trabaho*** na makakatulong sa ating mga kababayan upang makahanap ng ***trabaho***. **(SNISF – 04)** | *Napakahalaga* ng mga global na korporasyon, dahil nagbibigay sila ng mga oportunidad na makakatulong sa ating mga kababayan upang makahanap ng ***trabaho.*** | Ang paulit-ulit na paggamit sa isang salitang iisa lang ang kahulugan sa pangungusap ay nagpapamali sa gramatika. Sa pagsasalin o paggamit ng salita, nararapat na isang beses lamang itong gamitin sa loob ng pangungusap upang hindi ito magdulot ng kalituhan at mabilis na mauunawan ang diwang nakalahad. |
| | *We need to support our local products so that our country can progress.* ***(ONS – 04)*** | Kailangan nating suportahan ang mga lokal na produkto upang ang ating bansa ay **mag*patuloy*** sa pag-unlad. **(SNISF – 04)** | Kailangan nating suportahan ang mga lokal na produkto upang ang ating bansa ay ***patuloy*** *na umunlad.* | Ang salitang "**magpatuloy**" na ginamit sa pahayag ay kakikitaan ng maling paggamit ng pang-abay sa nasabing salita. Lumilitaw ang kamalian sa pagpapahayag ng pangungusap na ito dahil sa maling paggamit ng pang-abay sa salitang-ugat na "**tuloy**" |
| | *Let us all put this good use and reject boundaries that hinders economic and societal growth.* ***(ONS – 18)*** | Nawa'y magamit natin ito sa mabuti at ***tinanggihan*** ang mga hangganang humahadlang sa paglago ng ekonomiya at lipunan. **(SNISF – 18)** | Nawa'y magamit natin ito sa mabuti at ***tanggihan*** ang mga hangganang humahadlang sa paglago ng ekonomiya at lipunan. | Sa pangungusap na ito, makikita ang maling paggamit ng salitang "**tinanggihan**" sapagkat nagpapahiwatig ito ng nakaraang pamanahon na hindi tumutugma sa paraan ng ipinapahayag ng pangungusap na gaganapin pa lamang ang kilos na sinasaad nito. |
| | *Globalization bring benefits its effects must just be addressed through thoughtful policy-making and proper regulation to ensure its positive impact are more widely shared.* ***(ONS – 08)*** | Ang benepisyo ng globalisasyon ay dapat na tugunan sa pamamagitan ng tamang paggawa ng mga polisiya at wastong regulasyon upang matiyak na ang mga positibong epekto nito ay ***mas*** malawak ***na*** matamo ng lahat. **(SNISF – 08)** | Ang mga benepisyo ng globalisasyon ay dapat na tugunan sa pamamagitan ng tamang paggawa ng mga polisiya at wastong regulasyon upang matiyak na ang mga positibong epekto nito ay malawakang matamo ng lahat. | Ang pagdaragdag ng simpleng salita na hindi naman kinakailangan sa pangungusap ay nagdudulot ng kamalian sa gramatika na nagiging sanhi ng pagbabago sa diwa ng isinaling pangungusap. Makikita sa salin ng ChatGPT ang kamalian kung saan hindi kinakailangan ang "***mas***" na pang-abay at pang-ukol "***na***" sa pangungusap sapagkat |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | nagdudulot lamang ito ng kamalian sa gramatika. |
| | *Let us help our countries together, let us educate ourselves, and make a wonderful and productive countries in the near future.* ***(ONS – 09)*** | Magsama-sama tayo upang tulungan ang ating ***mga*** bansa, magtulungan sa pagpapalawak ng kaalaman, at magtaguyod ng ***maganda at*** produktibong mga bansa sa hinaharap. **(SNISF – 09)** | Magsama-sama tayo upang tulungan ang ating bansa, magtulungan sa pagpapalawak ng kaalaman, at magtaguyod ng produktibong mga bansa sa hinaharap. | Ang pagdaragdag ng simpleng salita na hindi naman kinakailangan sa pangungusap ay nagdudulot ng kamalian sa gramatika na nagiging sanhi ng pagbabago sa diwa ng isinaling pangungusap. Ang pantukoy na "**mga**", pang-uri na "**maganda**" at pang-ukol na "**at**" ay hindi naman kinakailangan sa pangungusap dahil nagdudulot lamang ito ng kamalian sa gramatika. |

Sa talahanayan 1.3, makikita rito ang limang kamalian na natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT. Ang ikatlong kamalian sa gramatika ay ang kamalian sa anyo. Nakatala sa ikalawang hanay ang orihinal na pangungusap ng bawat saling sanaysay.

**Kamalian sa Anyo**

Ang kamalian sa anyo ang naglalahad ng mga hindi wastong paggamit sa mga salita sa loob ng pangungusap. May tatlong uri ang kamalian sa anyo na makikita sa sinuring salin na sanaysay gamit ang ChatGPT. Una ang regularisasyon na kamalian sa paggamit ng morpema at paglalapi rito. Sumunod ang anyong archy na kamalian sa paggamit ng mga salitang walang kaugnayan sa ibang salitang nakapaloob sa pangungusap. Panghuli ang pagpapalit anyo na kamalian sa paggamit ng hindi angkop na salita sa pangungusap.

Sa pagsusuri ng saling sanaysay, makikita sa ikatlong hanay ang salin ng ChatGPT na may mga salitang kinabitan ng maling panlapi at paglalapat ng hindi wastong mga morpema sa pangungusap. Samantala, makikita naman sa ikaapat na hanay ang wastong bersyon ng pangungusap, kung saan itinama ang mga kamalian nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin. Iilan sa mga halimbawa nito ay:

**Talahanayan 1.3**
**Kamalian sa Anyo**

| Uri ng Kamalian | Orihinal na Pangungusap sa Sanaysay | Salin na Pangungusap sa Sanaysay gamit ang ChatGPT | Wastong Bersyon ng Pangungusap mula sa Isinaling Sanaysay | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|
| **Kamalian sa Anyo** | *Globalization stands as erasure and build a bridge to the world integration and make for every nations' rapid economic growth possible.* ***(ONS – 10)*** | Ang globalisasyon ay nagsisilbing ***pagtanggal*** ng mga hadlang sat ***pagbubuo*** ng isnag tulay para sa integrasyon ng mundo at ginagawang posible ang mabilis na pag-unald ng ekonomiya ng bawat bansa. **(SNISF- 10)** | Ang globalisasyon ay nagsisilbing ***pantanggal*** *sa* mga hadlang at ***bumubuo*** ng isang tulay para sa integrasyon ng mundo at ginagawang posible ang mabilis na pag-unlad ng ekonomiya ng bawat bansa. | Kamalian sa Asimilasyon. Ang salitang ***pagtanggal*** ay isang aksyon ng pag-aalis sa isang bagay. Samantalang hindi angkop ang morpemang ***pagbubuo*** parirala ng pangungusap sapagkat walang salitang pagbubuo sa Filipino ayon sa tuntunin nito, kung kaya't nagdulot ito ng kamalian sa gramatika. |
| | *We can also buy things for less money because companies can make them where it's cheapest.* ***(ONS – 14)*** | Maaari rin tayong bumili ng mga bagay ***ng*** mas mababang presyo dahil ang mg kumpanya ay maaaring gumawa ng mga ito sa mga lugar kung saan pinakamura. **(SNISF – 14)** | Maaari rin tayong bumili ng mg bagay ***sa*** mas mababang presyo dahil ang mga kumpanya ay maaaring gumawa ng mga ito sa mga lugar kung saan pinakamura. | Kamalian sa Pang-ukol. Ang ginamit na pang-ukol sa isinaling pangungusap ay hindi angkop sa parirala nito kung kaya't nagdulot ito ng kamalian sa gramatika at nabago ang ag orihinal na diwa ng pangungusap. |
| | *Also, financial integration is another important part of* | Gayundin, ang integrasyong pinansyal ay isa ***pang*** mahalagang | Gayundin, ang integrasyong pinansyal ay isa ***ring*** mahalagang bahagi ng globalisasyon. | Kamalian sa Pantukoy. Ang ginamit na pantukoy sa pangungusap ay hindi naging angkop sa parirala ng |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *grobalization.* ***(ONS – 21)*** | bahagi ng globalisasyon. **(SNISF – 21)** | | pangungusap na nagpabago sa diwa ng isinaling pangungusap. |
| | *However, find globalization be an effective erasure of boundaries economic puposes? Or it will just bring more problems and concerns.* ***(ONS – 03)*** | Gayunpaman, ang tanong ay magiging epektibo ba ang globalisasyon sa ***pagtanggal*** ng mga hangganan para sa mga layuning pang-ekonomiya? O magdudulot lang ito ng mas maraming problema at alalahanin? **(SNISF – 03)** | Gayunpaman, ang tanong ay magiging epektibo ba ang globalisasyon sa ***pag-aalis*** ng mga hangganan para sa mga layuning pang-ekonomiya? O magdudulot lang ito ng mas maraming problema at alalahanin? | Kamalian sa panlapi na Pandiwa. Ang ginamit na salita sa saling pangungusap ay hindi angkop sa parirala ng pangungusap dahil sa kamalian sa panlapi at morpemang ginamit. |
| | *Globalization stands as globalise route for worldwide interconnection in terms of trading and economic growth.* ***(ONS – 10)*** | Ang globalisasyon ay nagsisilibing global na ***ruta*** para sa pagkakaugnay-ugnay ng mga bansa sa larangan ng kalakalan at pag-unlad ng ekonomiya. **(SNISF – 10)** | Ang globalisasyon ay nagsisilibing global na ***daan*** para ***sa*** pagkakaugnay-ugnay ng mga bansa sa larangan ng kalakalan at pag-unlad ng ekonomiya. | Ang paggamit ng literal na salin ng salita sa Filipino ay nagdudulot ng kamalian kung kaya't hindi naging angkop at bayanad ang pagkakalahad sa diwa ng pangungusap. |

Sa talahanayan 1.4, makikita rito ang limang kamalian na natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT. Ang panghuling natukoy na kamalian sa gramatika ay ang kamalian sa anyo. Nakatala sa ikalawang hanay ang orihinal na pangungusap ng bawat saling sanaysay.

**Kamalian sa Pagkasunid-sunod**

Ang kamalian sa pagkasunod-sunod ay naglalahad ng mga kamalian sa paggamit ng mga salita o hindi wasto ang ayos ng gramatika sa isang pangungusap. Sa pagsusuri ng saling sanaysay, makikita sa ikatlong hanay ang salin ng ChatGPT na hindi wastong gramatika sa isang pangungusap. Samantala, makikita naman sa ikaapat na hanay ang wastong bersyon ng pangungusap, kung saan itinama ang mga kamalian nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin. Isa sa halimbawa nito ay ang sumusunod:

**Talahanayan 1.4**
**Kamalian sa Pagkasunod-sunod**

| Uri ng Kamalian | Orihinal na Pangungusap sa Sanaysay | Salin na Pangungusap sa Sanaysay gamit ang ChatGPT | Wastong Bersyon ng Pangungusap mula sa Isinaling Sanaysay | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|
| **Kamalian sa Pagkasunod-sunod** | *According to Wagner (2019), trade liberalization benefits better – performing firms and contributes to the overall economic growth of the country.* ***(ONS – 07)*** | Ayon kay Wagner (2019), ang liberalisasyon ng kalakalan ay nakikinabang ang mga mas mahusay na kumpanya at nakakatulong sa pangkalahatang paglago ng ekonomiya ng isang bansa. **(SNISF – 07)** | Ayon kay Wagner (2019), nakikinabang ang mas mahusay na kumpanya sa liberalisasyon ng kalakalan at nakakatulong sa pangkalahatang paglago ng ekonomiya ng isang bansa. | Ang kamalian sa pagkakasunod-sunod ng mga morpemang ginamit sa saling pangungusap ay hindi naayon sa wasto nito ayos kung kaya't hindi angkop ang pagkakalahad sa diwa ng pangugusap. Nagdudulot din ito ng kamalian sa gramatika sapagkat hindi organisado ang mga parirala sa salin ng ChatGPT na nagreresulta ng kalituhan sa pag-unawa. |
| | *Globalization is a process by which business, cultures, technology and government become interconnected and independent across the world.* ***(ONS – 08)*** | Ang globalisasyon ay isang proseso kung saan ang mga negosyo, kultura, teknolohiya, at pamahalaan ay nagiging magkakaugnay at umaasa sa isa't isa sa buong mundo. **(SNISF – 08)** | Ang globalisasyon ay isang proseso kung saan ang mga negosyo, kultura, teknolohiya, at pamahalaan sa buong mundo ay nagiging magkakaugnay at umaasa sa isa't isa. | Ang kamalian sa pagkakasunod-sunod ng mga morpemang ginamit sa saling pangungusap ay hindi naaayon sa wasto nito ayos kung kaya't hindi angkop ang pagkakalahad sa diwa ng pangugusap. Hindi na organisang mabuti ang pang-abay at pang-uri sa pangungusap. Nagdudulot din |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ito ng kamalian sa gramatika sapagkat hindi organisado ang mga parirala sa salin ng ChatGPT na nagreresulta ng kalituhan sa pag-unawa. |
| | *Globalization well also affect the country, it will decrease the taxes of the country, it will put other countries in poverty, slow economic growth, and slow development of the countries.* ***(ONS – 09*** | Makakaapekto rin ang globalisasyon sa isang bansa, *pababain* nito ang buwis ng bansa, ilalagay nito ang ibang bansa sa kahirapan, *pababagal* ang paglago ng ekonomiya, at *pababagal ang* pag-unlad ng mga bansa. **(SNISF – 09)** | Ang globalisasyon ay makakaapekto rin sa isang bansa, *pabababain* nito ang buwis ng bansa, ilalagay nito ang ibang bansa sa kahirapan, *pababagalin* ang paglago ng ekonomiya, at *nag nagpapabagal sa* pag-unlad ng mga bansa. | Sa pangungusap na ito, makikita sa salin ng ChatGPT na hindi organisado ang pagkakaayos ng mga morpema kung kaya't nagdudulot ito ng kamalian sa gramatika dahil sa hindi malinaw ang pagkakalahad ng pangungusap. |
| | *Through it creates opportunities, not everyone shares in its benefits equally, making it essential to balance progress with social and cultural preservation.* ***(ONS – 17)*** | Habang nagbubukas ito ng mga pagkakataon, hindi lahat ay nakikinabang nang pantay-pantay, kaya't mahalagang balansehin ang pag-unlad at ang pagpapanatili ng sosyal at kultural na pamana. **(SNISF – 17)** | Habang nagbubukas ito ng mga pagkakataon, hindi lahat ay pantay-pantay na nakikinabang, kaya't mahalagang balansehin ang pag-unlad at pagpapanatili sa sosyal at kultural na pamana. | Mapapansin sa pangungusap na ito na ang kamalian sa pagsasalin ng ChatGPT ay hindi angkop na pagkakalahad sa parirala kung kaya't hindi buo ang diwa ng saling pangungusap. |
| | *Globalization also introduced economic startegies to newborn countries, hence, promoting economic union instead of boundaries.* ***(ONS – 18)*** | *Nagbigay din* ang globalisasyon ng mga estratehiyang pang-ekonomiya sa mga bansang nagsisismula, kaya't pinapalaganap ang pagkakaisa ng ekonomiya sa halip na magtakda ng mga hangganan. **(SNISF – 18)** | *Nagbibigay rin* ang globalisasyon ng mga estratehiyang pang-ekonomiya sa mga bagong nagsisimulang bansa, kaya't pinapalaganap ang pagkakaisa ng ekonomiya sa halip na magtakda ng mga hangganan. | Ang kamalian ng ChatGPT na makikita sa pangungusap na ito ay maling pagkakaayos ng pangungusap na nanagdulot ng kamalian sa gramatika. |

**Ikalawang Katanungan ng Pananaliksik: Ano ang mga partikular na kamalian sa gramatika ang makikita sa salin na sanaysay gamit ang ChatGPT**?

Sa talahanayan 2.1, nakalahad rito ang bilang ng kamalian sa pagkukulang na natukoy ng mananaliksik sa mga sanaysay na isinalin gamit ang ChatGPT. Makikita sa ikalawang hanay ang bilang ng mga kamaliang nagawa ng ChatGPT sa pagsasalin ng sanaysay. Nakatala naman sa ikalawang hanay ang orihinal na pangungusap ng bawat saling sanaysay. Samantala, sa ikatlong hanay naman makikita ang salin ng ChatGPT at sa ikaapat hanay nakatala ang wastong bersyon ng salin.

**Talahanayan 2.1**
**Pagkukulang**

| Uri ng Kamalian | Bilang ng mga Kamalian mula sa Salin | Orihinal na Pangungusap sa Sanaysay | Salin na Pangungusap sa Sanaysay gamit ang ChatGPT | Bagong Bersyon ng Pangungusap mula sa Isinaling Sanaysay | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagkukulang** | May 16 na salin ng sanaysay ang may kamalian sa uring ito | *By advance in technology when communication it leads to the blending an exchange of resources, products, and cultures.* ***(ONS – 02)*** | Sa pamamagitan ng pag-unlad ng teknolohiya, ang komunikasyon ay nagdudulot ng ***pagsasama*** at palitan ng yaman, produkto, at kultura. **(SNISF – 02)** | Sa pamamagitan ng pag-unlad ng teknolohiya, ang komunikasyon ay nagdudulot ng ***pagsasama-sama*** at palitan ng yaman, produkto, at kultura. | Sa pangungusap na ito, ang kamalian na makikita rito ay pagkukulang ng salitang-ugat na "-***sama***" sa hulihan ng salitang "***pagsasama***" kaya ay nagdulot ito ng kamalian sa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | diwa at gramatikal na estruktura ng pangungusap na isinalin. |
| | | *It can also increase the competition in local businesses because we Filipino are clout chaser; we always want to keep up with trends or should we say "makisabay sa uso". **(ONS – 04)*** | Maaari rin nitong pataasin ang kompetisyon sa mga local na Negosyo dahil ***tayo*** mga Pilipino ay mahilig makisabay sa uso. **(SNISF – 04)** | Maaari rin nitong pataasin ang kompetisyon sa mga local na Negosyo dahil ***tayong*** mga Pilipino ay mahilig makisabay sa uso. | Sa bahaging ito ng pangungusap ay nagkulang sa pang-angkop na "-ng" ang salitang panghalip na nagdulot ng kamalian sa diwa ng ipinahayag na pangungusap at sa gramatika nito. Makikita na sa paglalagay ng pang-angkop na "-ng" sa salitang tayo ay nagiging banayad ang pagkakabigkas sa pangungusap at naipapahayag ng maayos ang buong diwa nito. |
| | | *Globalization also introduced economic startegies to newborn countries, hence, promoting economic union instead of boundaries. **(ONS – 18)*** | ***Nagbigay*** *din* ang globalisasyon ng mga estratehiyang pang-ekonomiya sa mga bansang nagsisismula, kaya't pinapalaganap ang pagkakaisa ng ekonomiya sa halip na magtakda ng mga hangganan. **(SNISF – 18)** | ***Nagbibigay*** *rin* ang globalisasyon ng mga estratehiyang pang-ekonomiya sa mga bagong nagsisimulang bansa, kaya't pinapalaganap ang pagkakaisa ng ekonomiya sa halip na magtakda ng mga hangganan. | Kamalian sa Panlapi na Pandiwa. Ang salitang "***nagbigay***" ay nagkulang sa panlaping "***bi***" sa pagitang ng "***nag***" *at salitang-ugat na* "***bigay***" kaya't nagdulot iito ng kamalian sa gramatika. |
| | | *In conclusion, globalization boost economic development and create opportunities. **(ONS – 19)*** | Sa ***konklusyon***, ang globalalisasyon ay nagpapalakas *ng* pag-unlad ng ekonomiya at lumilikha ng mga oportunidad. **(SNISF – 19)** | Sa ***kongklusyon***, ang globalalisasyon ay nagpapalakas *sa* pag-unlad ng ekonomiya at lumilikha ng mga oportunidad. | Sa pangungusap na ito, makikita sa saling ng ChatGPT ang kamalian sa pagbaybay sa salitang "***konklusyon***" na dapat ay "***kongklusyon***". Ang salita sa nagkulang ng isang titik na"***g***" kung kaya't nagkaroon ng pagbabago sa pagbigkas nito. |
| | | *In conclusion, globalization has helped remove economic boundaries by making trade, labor, and finance more connected. **(ONS – 20)*** | Sa ***konklusyon***, ang globalisasyon ay nakatulong na *tanggalin* ang mga hadlang sa ekonomiya sa pamamagitan *ng* pagpapalakas *ng* kalakalan, paggawa, at pananalapi. **(SNISF – 20)** | Sa ***kongklusyon***, ang globalisasyon ay nakatulong na *alisin* ang mga hadlang sa ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapalakas *sa* kalakalan, paggawa, at pananalapi. | Sa pangungusap na ito, makikita sa saling ng ChatGPT ang kamalian sa pagbaybay sa salitang "***konklusyon***" na dapat ay "***kongklusyon***". Ang salita sa nagkulang ng isang titik na"***g***" kung kaya't |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | nagkaroon ng pagbabago sa pagbigkas nito. |
| | | *Countries found it easier to conduct international trade as a result of the reduction of tariffs, quotas, and other trade restrictions brought about by globalization.* ***(ONS – 23)*** | Naging mas madali sa mga bans ana magsagawa ng ***internasyunal*** na kalakalan bilang resulta ng pagbawas *ng* mga taripa, quota, at iba pang mga paghihigpit sa kalakalan na dulot ng globalisasyon. **(SNISF – 23)** | Naging mas madali sa mga bans ana magsagawa ng ***pang-internasyunal*** na kalakalan bilang resulta ng pagbawas *sa* mga taripa, quota, at iba pang mga paghihigpit sa kalakalan na dulot ng globalisasyon. | Makikita sa pangungusap ang pagkukulang sa panlaping pang-uri na "pang-"sa salitang internasyunal kung kaya't nagdulot ito ng pagbabago sa diwa ng pangungusap. Mahihinuha na kung lalagyan ng panlaping "pang-" ang unahan ng salitang internasyunal ay nagiging angkop at konektado ang ang bawat salita sa pangungusap na naglalahad sa ipinapahiwatig nito. |
| | | *The globalization has facilitated the free movement of capital across borders, allowing investor to access a wider range of investment opportunities.* ***(ONS – 27)*** | ***Pinadali*** ng globalisasyon ang malayang paggalaw ng kapital sa mga hangganan, na nagbibigay-daan para sa mga mamumuhunan na magkaroon ng mas malawak na saklaw ng mga pagkakataon sa pamumuhunan. **(SNISF – 27)** | ***Pinapadali*** ng globalisasyon ang malayang paggalaw ng kapital sa mga hangganan, na nagbibigay-daan para sa mga mamumuhunan na magkaroon ng mas malawak na saklaw ng mga pagkakataon sa pamumuhunan. | Ang salitang pinadali ay tumutukoy sa tapos o nangyari na ang isang bagay sa nakaraan kung kaya't nagkaroon ng kamalian sa gramatika ng pangungusap dahil hindi angkop ang salitang ginamit ng ChatGPT sa pagsalin. Nagkulang ng panlaping "pa" sa gitna ng panlaping pang-uri "pin" at salitang ugat na "dali", na ang wastong salita na dapat ay pinapadali. |
| | | *In conclucion, while globalization has brought undeniable progress and breakthroughs, the risk of increasing economic inequality and environmental harm needs more attention.* ***(ONS – 27)*** | Sa ***konklusyon***, habang ang globalisasyon ay nagdulot ng mga hindi matatawarang *pag-unlad* at tagumpay, ang panganib ng pagtaas ng hindi pagkapantay-pantay sa ekonomiya at pinsala sa kalikasan ay nangangailangan ng higit na pansin. **(SNISF – 27)** | Sa ***kongklusyon***, habang ang globalisasyon ay nagdulot ng mga hindi matatawarang *pag-unlad* at tagumpay, ang panganib ng pagtaas ng hindi pagkapantay-pantay sa ekonomiya at pinsala sa kalikasan ay nangangailangan ng higit na pansin. | Sa pangungusap na ito, makikita sa saling ng ChatGPT ang kamalian sa pagbaybay sa salitang "***konklusyon***" na dapat ay "***kongklusyon***". Ang salita sa nagkulang ng isang titik na"***g***" kung kaya't nagkaroon ng pagbabago sa pagbigkas nito. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | *This is useful for school assignments and personal project.* ***(ONS – 28)*** | Ginagawa nitong mas *interesting* at mas ***madali*** intindihin ang pag-aaral. **(SNISF – 28)** | Ginagawa nitong mas *kawili-wili* at mas ***madaling*** intindihin ang pag-aaral. | Nakasaad sa ikaapat na hilera ng hanay ang salin ng ChatGPT kung saan makikitaan ng pagkukulang ng pang-angkop |
| | | *Although, I've been to reliant on it but it has been my companion in learning when no one did.* ***(ONS – 30)*** | Bagaman minsan ay sobra akong umaasa rito, ito pa rin ay naging kasangga ko sa pagkatuto lalo na kung walang ***tumulong*** sa akin. **(SNISF – 30)** | Bagaman minsan ay sobra akong umaasa rito, ito pa rin ay naging kasangga ko sa pagkatuto lalo na kung walang ***tumutulong*** sa akin. | Mapapansin sa ikaapat na hanay na nagkaroon ng kamalian sa paggamit ng panlapi at pandiwang pamanahunan kung saan ang salitang "*tumulong*" ay nagkulang ng panlaping "tu" kung kaya't hindi naging angkop ang gramatika nito. |
